

HMH CARRIER CLINIC

Belle Mead, NJ 08502 (908) 281-1000

Pamagat: Patakaran sa Pinansyal na Tulong	Mga Kabanata: Piskal
May-akda: , Director Billing, Director, Managed Care at VP/ CFO	Mga Mamumuhunan: <ul style="list-style-type: none">▪ Lahat ng Kawani
Petsa ng Paglikha: 12 /15 Petsa ng Pagrebisa: 1/18, 4/19, 11/19 Petsa ng Pagsusuri (T):	7 Mga Pahina
Mga Reperensya: Mga batas, regulasyon, tagubilin at patakaran ng pederal at estado	Lagda ng Ehekutibo: Bise-Presidente, CFO

PANIMULA:

Kaugnay ng misyon nito na itaguyod ang kalusugan ng komunidad na pinaglilikiran nito, at depende sa pagiging available ng mga mapagkukunan, sa pana-panahon ay magbibigay ang HMH Carrier Clinic ng Pinansiyal na Tulong sa pamamagitan ng may diskuwento o libreng pangangalaga at mga serbisyo sa mga pasyenteng walang insurance o kulang sa insurance na walang kakayahang magbayad para sa mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan na ito.¹ Para magawa ito, itinatag ng HMH Carrier Clinic ang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong o Financial Assistance Policy (FAP) para tiyaking ang desisyon na magbigay ng pinansiyal na tulong ay batay sa magkakatulad, aktuwal na impormasyong batayan, at para matiyak na ang mga proseso at pamamaraan ay ginagamit sa pagtukoy at pagtulong sa mga pasyente na maaaring nangangailangan ng gayong pinansiyal na tulong.

LAYUNIN:

Ipaalam sa mga pasyente ang pagiging available ng pinansiyal na tulong, magbigay ng oportunidad sa mga pasyente na mag-apply at maging kuwalipikado para sa pinansiyal na tulong, at sumunod sa IRC Section 501(r), na kabilang ang, bilang bahagi, ang mga sumusunod na mga kinakailangan:

1. Pagpapanatili ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong,
2. Pagsasabi ng tungkol sa pagiging available ng mga mapagkukunan sa pasyente batay sa patakarang ito,
3. Lahat ng mahalagang dokumento na nauugnay sa patakarang ito ay ginagawang available sa mga pasyente nang libre,
4. Makapagbigay ng emergency na medikal na pangangalaga alinsunod sa EMTALA,
5. Magtakda ng limitasyon sa halagang sinisingil sa mga

¹ Ang mga pasyenteng may insurance na hindi nakatutugon sa alinmang hatian sa pagbabayad at mga kinakailangan sa pagbabawas ay susuriin para sa pagpaparaya (waiver) ng mga obligasyong ito sa ilalim ng [Corporate Policy on Direct-to-Consumer Marketing and Patient Waivers of Co-payments and Deductible.](#)

- indibidwal na karapat-dapat sa pinansiyal na tulong, at
6. Paglimita ng extraordinaryong aktibidad ng koleksyon bago pagpasyahan ang pagiging karapat-dapat ng indibidwal para sa pinansiyal na tulong

MGA KAHULUGAN:

- Ang "Pinansiyal na Tulong" ay tumutukoy sa pinansiyal na tulong sa mga pasyenteng walang insurance o kulang sa insurance na mapapatunayang may kakapusan sa pinansiyal para sa anumang maibabawas, hati sa pagbabayad (co-pay, o balanse na hindi sakop ng kanilang mga benepisyo sa insurance ng gobyerno o komersiyal na insurance, na sa gayong kalagayan ay maaaring kuwalipikado para sa pinansiyal na tulong batay sa "available na mga mapagkukunan ng sambahayan" ng pasyente kumpara sa mga tagubilin ng pederal.
- Ang "Walang Insurance" ay nangangahulugang ang pasyente ay walang antas ng insurance o pagtulong ng third party para tumulong na matugunan ng pasyente ang mga obligasyon sa pagbabayad.
- Ang "Kulang sa Insurance" ay nangangahulugang ang pasyente ay may ilang antas ng insurance o pagtulong ng third party, ngunit mayroon paring ilang mga gastusing dapat bayaran na maaaring higit sa pinansiyal na obligasyon ng pasyente.
- Ang "Available na mga Mapagkukunan ng Sambahayan o Available Household Resources, (AHR)" ay ang kabuuan ng lahat ng kita at mga kinitang ari-arian o hawak ng pasyente at lahat ng mga kamag-anak ng pamilya kung ang pasyente ay naninirahan kasama ng adultong kamag-anak (na, kadugo, kasal o pag-aampon), ang (mga) kamag-anak na iyon ay magiging bahagi ng Sambahayan ng pasyente, at ang kita at mga ari-arian ng (mga) kamag-anak na iyon, bilang karagdagan sa kita at mga ari-arian ng pasyente ay isasama sa pagpapasya sa kabuuang AHR, kung ang pasyente man ay ipinahayag o hindi bilang umaasa sa income tax returns ng (mga) kamag-anak. Ang higit pang mga detalye sa pinansiyal na mga kategorya na nabanggit dito ay higit na inilarawan sa Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong.

PATAKARAN:

1. Abiso sa pagiging Available ng Pinansiyal na Tulong.
Nagbibigay ang HMH Carrier Clinic ng access sa pasyente nito sa

Pinansiyal na Tulong na sasailalim sa espesipikong personal na mga kondisyon sa pinansiyal at mga mapagkukunan. Ipapaalam sa lahat ng mga pasyente na may available na Pinansiyal na Tulong. Ginagawa ito sa pamamagitan ng mga karatula sa buong campus ng hospital at katulad nitong impormasyon sa website ng HMH Carrier Clinic; at sa panahon ng proseso ng pagpasok o bago lumabas, ang Buod ng Simpleng Wika o Plain Language Summary (PLS) ng patakarang ito ay ibinibigay sa pasyente, pamilya, at/o tagapaggarantiya kung praktikal itong gawin.

Kung matapos maipasok, ang pasyente, pamilya at/o tagapaggarantiya ay nagnanais ng mga karagdagang detalye, maaari silang kumuha ng kopya ng Patakarang sa Pinansiyal na Tulong at/o Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa kinatawan ng serbisyo sa pasyente, kinatawan ng kagawaran ng serbisyong panlipunan, o matapos lumabas, sa pamamagitan ng pagtawag sa kinatawan ng mga serbisyo sa pasyente (908-281-1624), o maaaring makuha ang gayong impormasyon sa website ng HMH Carrier Clinic: <https://carrierclinic.org/2019/08/09/carrier-clinics-financial-assistance-policy/>

2. Pagiging Available. Ang Pinansiyal na Tulong alinsunod sa Patakarang ito ay tutukuyin bilang pinansiyal na tulong sa pagkakaloob ng kinakailangang medikal na mga serbisyo at supply sa pangangalagang pangkalusugan ng empleyadong Licensed Independent Practitioner (LIP's) ng HMH Carrier Clinic sa mga kuwalipikadong pasyente. Ang Pinansiyal na Tulong ay hindi dapat gamitin sa mga serbisyong ibinigay ng mga hindi empleyadong doktor o iba pang mga provider at supplier na naniningil sa mga pasyente nang hiwalay para sa kanilang mga serbisyo at supply sa HMH Carrier Clinic. Tingnan ang Eksibit A - Listahan ng mga karapat-dapat at di-karapat-dapat na mga provider sa: <https://carrierclinic.org/2019/08/09/carrier-clinics-financial-assistance-policy/>.

3. Para maging Kuwalipikado sa Pinansiyal na Tulong Dapat ganap na kumpletuhin ng sinumang pasyente na naghahanap ng Pinansiyal na Tulong ang **Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong** (ang "*Aplikasyon*"), kabilang dito ang pagbibigay ng kaugnay na personal at pampamilyang dokumento ng pinansiyal talad ng nakabalangkas sa *Aplikasyon*. Iabatay ang desisyon na isaalang-alang ang kuwalipikasyon sa kabuuan ng Available na mga Mapagkukunan ng Sambahayan o Available Household Resources (AHR) kumpara sa United States Department of Health and Human Services Federal Poverty Guidelines (US DHHS FPG) batay sa sliding scale. Kabilang sa AHR ang pinansiyal na mapagkukunan ng pasyente at ng pamilya kabilang dito ang: lahat ng mapagkukunan ng kita, mga

balanse sa checking, savings, investment at mga mutual fund account, at ilang partikular na real estate maliban sa pangunahing tirahan, na higit na binigyang-kahulugan sa *Aplikasyon*. Higit pang idinidetalye ng *Aplikasyon* ang mga mapagkukunan na isasaalang-alang sa pagsusuri at pagdedesisyon sa pagbibigay ng Pinansiyal na Tulong, na nakabatay lamang sa impormasyon at dokumentong ibinigay ng pasyente, pamilya o tagapaggarantiya.

- Ang Pinansiyal na Tulong ay hindi kapit sa mga residente ng Somerset County na nakatutugon sa basehan para sa kakapusan sa medikal para sa pagkakaloob sa mga serbisyong pagde-detox at para sa inpatient at karapat-dapat para sa pagpopondo sa Somerset County Kabanata 51 na ipinagkakaloob ng Carrier Clinic.

Ang pasyente at/o tagapaggarantiya ng pasyente (kung angkop) ay makakatanggap ng nasusulat na komunikasyon sa sandaling masuri ang *Aplikasyon* at karagdagang dokumento sa loob ng 45 araw pagkatanggap ang nakumpletong *Aplikasyon* na naglalaman ng desisyon tungkol sa Aplikasyong iyon at anumang ibang balanse na bayarin. Ang mga katanungan sa resulta ay maaaring idirekta sa Direktor ng mga Serbisyo sa Pinansiyal ng Pasyente (908-281-1526).

Available ang Aplikasyon habang nasa ospital o sa webiste ng HMH Carrier Clinic sa:

<https://carrierclinic.org/2019/08/09/carrier-clinics-financial-assistance-policy/>

4. Porsiyento ng Diskuwento sa Pinansiyal na Tulong. Ang halaga ng aprubadong Pinansiyal na Tuloy ay ibabatay sa sliding scale gamit ang nakadokumentong mga available na mapagkukunan ng sambahayan (AHR) at ng US DHHS FPGs, tulad ng sumusunod: Nasa karapatan ng HMH Carrier Clinic na baguhin ang batayan na isinaalang-alang sa pagsusuri ng kita at mga ari-arian ng Sambahayan na napansing kaayon ng Patakarang ito.

2019 FINANCIAL ASSISTANCE PROGRAM (FAP)											
SLIDING SCALE PERCENTAGE REDUCTION											
FAMILY SIZE	0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%
1	37,470	34,972	32,474	29,976	27,478	24,980	22,482	19,984	17,486	14,988	12,490
	OR MORE	37,469	34,971	32,473	29,975	27,477	24,979	22,481	19,983	17,485	14,987
2	50,730	47,348	43,966	40,584	37,202	33,820	30,438	27,056	23,674	20,292	16,910
	OR MORE	50,729	47,347	43,965	40,583	37,201	33,819	30,437	27,055	23,673	20,291
3	63,990	59,724	55,458	51,192	46,926	42,660	38,394	34,128	29,862	25,596	21,330
	OR MORE	63,989	59,723	55,457	51,191	46,925	42,659	38,393	34,127	29,861	25,595
4	77,250	72,100	66,950	61,800	56,650	51,500	46,350	41,200	36,050	30,900	25,750
	OR MORE	77,249	72,099	66,949	61,799	56,649	51,499	46,349	41,199	36,049	30,899
5	90,510	84,476	78,442	72,408	66,374	60,340	54,306	48,272	42,238	36,204	30,170
	OR MORE	90,509	84,475	78,441	72,407	66,373	60,339	54,305	48,271	42,237	36,203
6	103,770	96,852	89,934	83,016	76,098	69,180	62,262	55,344	48,426	41,508	34,590
	OR MORE	103,769	96,851	89,933	83,015	76,097	69,179	62,261	48,425	41,507	34,589
7	117,030	109,228	101,426	93,624	85,822	78,020	70,218	62,416	54,614	46,812	39,010
	OR MORE	117,029	109,227	101,425	93,623	85,821	78,019	70,217	62,415	54,613	46,811
8	130,290	121,604	112,918	104,232	95,546	86,860	78,174	69,488	60,802	52,116	43,430
	OR MORE	130,289	121,603	112,917	104,231	95,545	86,859	78,173	69,487	60,801	52,115

5. Pagkalkula sa Halaga na Kadalasang Sinisingil o Amounts Generally Billed (AGB) at Halagang Babayaran. Ang mga indibidwal na karapat-dapat para sa Pinansiyal na Tulong ay hindi sisingilin ng higit para sa emergency o kinakailangang pangmedikal na pangangalaga kaysa sa AGB sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa gayong pangangalaga. Ang Porsiyento ng Diskuwento ay ikakapit sa AGB. Ang AGB ay kinakalkula gamit ang look-back na pamamaraan, batay sa Medicare Inpatient Psychiatric Facility Prospective Payment System (IPF PPS) para sa mga serbisyong psychiatric at ang lahat ng serbisyong para sa adiksiyon gaya ng sumusunod:

Mga porsiyento ng mga Serbisyong Psychiatric AGB

a) Inpatient: 42.9%

b) Outpatient: 53.9%

Ang mga serbisyo sa adiksiyong AGB% ay 49.9%

Pagkatapos ikapit ang pagsasaayos sa AGB, ang kinalabasang halaga ay sasailalim sa angkop na Porsiyento ng Diskuwento na inilarawan sa talata (3) sa itaas. Ang anumang natitirang balanse pagkatapos ilapat ang Porsiyento ng Diskuwento ay sisingilin sa pasyente at/o sa tagapaggarantiya.

6. Epekto ng Hindi Pagbabayad: Ang balanse na natitira pagkatapos ng ikapit ang Porsiyento ng Diskuwento ay sasailalim sa napapanahong pagbabayad na kaayon ng pamantayan sa mga kasanayan sa paniningil at koleksyon ng HMH Carrier Clinic . Ang hindi pagbabayad sa natitirang sinisingil ay maaaring sumailalim sa iba't ibang aktibidad ng pangongoleta

kabilang ang referral sa ahensiya ng koleksyon sa labas. Para sa higit na impormasyon, tingnan ang **Patakaran sa Paniningil at Koleksyon**, available ang kopya nito sa <https://carrierclinic.org/2019/08/09/carrier-clinics-financial-assistance-policy/>

7. Limitasyon ng Mapagkukunan. Ang pagkakaloob ng Pinansiyal na Tulong ay isasama sa taunang badyet tulad ng inaprubahan ng Board of Trustees.
8. Ilalapat Muna Ang Ibang Mga Benepisyo. Puwedeng maging karapat-dapat ang mga pasyente para sa Pinansiyal na Tulong tangi lamang pagkatapos na ang angkop na saklaw ng insurance at mga programang tulong ng gobyerno, kabilang ngunit hindi limitado sa Medicaid, ay nasaliksik muna (at ikinapit, sa sukdulang available). Ang hindi pagsunod sa mga tagubilin ng patakaran ng insurance (hal., mga apela, mga referral, at mga di-awtorisadong serbisyo) o hindi pagsunod sa mga available na programa ng gobyerno na makahahadlang sa Pinansiyal na Tulong, gaya ng ipinasya ng HMH Carrier Clinic sa pagpapasya nito.
9. Hindi Pagtatangi. Walang pasyenteng tatanggihan sa Pinansiyal na Tulong alinsunod sa Patakarang ito batay sa lahi, paniniwala, nasyonalidad, pinagmulan, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon. Ibibigay ang pinansiyal na tulong sa pasyente at sa kanyang pinansiyal na tagapaggarantiya na, pagkatapos ng pang-indibidwal na pagsusuri ng mga kalagayang may kinalaman sa kakayahang magbayad, ay nalaman na walang kakayahang bayaran ang lahat o bahagi ng sinisingil na mga serbisyo o mga mula sa sariling gastos na mga pananagutang pinansiyal.
10. Patakaran sa Lahat ng Kabilang. Walang Pinansiyal na Tulong na ibibigay ang HMH Carrier Clinic sa mga pasyenteng walang insurance o kulang sa insurance na hindi saklaw sa konteksto ng patakarang ito.
11. Hindi Maaapektohan Ang Mga Obligasyong EMTALA. Sa kabila ng nabanggit, magbibigay ang HMH Carrier Clinic, sa pamamagitan ng mga empleyado nitong Licensed Independent Practitioner nang walang diskriminasyong pangangalaga para sa mga Kalagayang Medikal na Emergency (na saklaw ng kahulugan ng Seksyon 1867 ng Social Security Act (42 USC 1395dd)) sa lahat ng indibidwal na naghahanap ng gayong pangangalaga, anuman ang kanilang kakayahan sa pagbabayad o ang kanilang pagiging karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng patakarang ito. Tingnan ang **[Patakarang EMTALA]** ng HMH Carrier Clinic.

12. Mga Pagsasalin. Ang patakarang ito at lahat ng mga kaugnay na dokumentong reperensya at sa patakaran sa Paniningil at Koleksyon ay isinalin sa mga wika ng consumer na tinukoy ng pinakabagong ulat ng organisasyon sa Pagtaya sa mga Pangangailangang Pangkalusugan ng Komunidad o Community Health Needs Assessment. Makukuha ang mga ito nang walang bayad kapag hiniling sa: <https://carrierclinic.org/2019/08/09/carrier-clinics-financial-assistance-policy/>

13. Patakarang Aprubado ng Pamamahala. Ang patakarang ito at ang lahat ng mga update ay sinuri at inaprubahan ng pamunuan ng organisasyon at ng Board of Trustees.